7CC3

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A (CALABARZON)
DIVISION OF CAVITE
Trece Martires City

**PANDIBISYONG MEMORANDUM**
**Blg. 192, s. 2016**

## PANDIBISYONG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!

Sa mga: Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pansamantalang Nanunungkulang Pangalawang Tagapamanihala
Hepe, CID at SGOD
Pandibisyong Tagamasid sa Filipino
Pampublikong Pampurok Tagamasid na Nakatalaga sa Filipino
Susing Punongguro Elementarya
Guro

1. Bilang pagtugon sa DepEd Advisory No. 213, s. 2016 "Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo! ng Komisyon sa Wikang Filipino," ang ating dibisyon ay magsasagawa ng Pandibisyong Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!" sa ika-13 ng Oktubre, 2016 sa ganap na 8:00 ng umaga sa Trece Martires City Central School.

2. Layunin ng paligsahan ang mga sumusunod:

   a. Patuloy na maitaguyod ang paligsahang lilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral patungo sa pagpapataas ng antas ng kalidad ng wikang Filipino;
   b. Malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling ng mga salita na sumusunod sa bagong ortograpiyang pambansa; at
   c. Isang paraan ito ng malawakang pagpapalaganap ng mga napapanahong kaalaman sa wikang Filipino.

3. Ang kalahok sa paligsahan ay magmumula sa mag-aaral sa ikaanim na Baitang (Grade 6).

4. Ang kalahok ay nakayuniporme sa araw ng paligsahan.

5. Ang magwawagi sa Pandibisyong Paligsahan ang kakatawan sa Panrehiyong Paligsahan sa Oktubre 27, 2016 (TBA ang lugar).

6. Ang Pangyunit na Paligsahan ay sa ika-6 ng Oktubre, 2016. Malaya ang mga Pampurok Tagamasid na nakatalaga sa Filiino at Susing Punongguro sa pagsasagawa ng kani-kanilang paligsahan. Ang nangunang tatlo (3) ang lalahok sa pandibisyong paligsahan.

7. Ang bawat yunit ay maglalaan ng tig-isang libo't limang daan (Php 1,500.00) para sa mga gastusin sa pandibisyong paligsahan na manggagaling sa pondong lokal.

8. Kalakip ng Memorandum na ito ang Alituntunin ng Paligsahan at komite.

9. Inaasahan ang mabilisang pagpapabatid at pagsunod sa Memorandum na ito.

**CHERRYLOU D. DE MESA**
Pansamantalang Nanaunungkulan
Tagapamanihala ng mga Paaraalan

Inklosyur Blg. 1 Pandibisyong Memorandum Blg. _____, s. 2016

## TAGAPAGPAGANAP

**CHERRYLOU D. DE MESA**
Pansamantalang Nanunungkulan
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**EDITHA M. ATENDIDO, Ed. D.**
Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan

**ELIAS A. ALICAYA JR. Ed. D.**
Pansamantalang Nanunungkulan
Pangalawang Tagapamanihala ng
Mga Paaralan/Hepe,SGOD

**ELPIDIA B. BERGADO, Ed. D**
Hepe,CID

**CRESENCIA P. NAZARENO**
PandibisyongTagamasid, Filipino

## TAGAPAMAHALA

**MILAGROS BALDOVISO, Ed. D.**
Pampurok Tagamasid
Nakatalaga sa Filipino

**YOLANDA PENALES, Ed. D.**
PampurokTagamasid
Nakatalga sa Filipino

**MA. JOVY LEGASPI, Ed. D.**
Pampurok Tagamasid
Nakatalaga sa Filipino

**NANCY MARASIGAN, Ed. D.**
Pampurok Tagamasid
Nakatalga sa Filipino

**LUZVIMINDA MARQUINA BELEN**
Punongguro, Trece Martires Central School

| | |
|---|---|
| Ispeling Master | Ana Marie Aranzanzo, Ed. D |
| Tagatala sa Pisara | Mercedita Villanueva |
| Tagatala sa Desk | Norma Digma |
| Tagatingin sa Oras | Elvira Ambagan |
| Proktor | Relina Alcantara<br>Efrenaida Lumagui<br>Josie Gancayco<br>Mercelita Salazar<br>Maryknoll Viado<br>Teresita Amon<br>Noel Ortega<br>Luz Garcia<br>Lorna de Tasa<br>Bayani Yolangco<br>Ma. Gracia Imbis<br>Marietta Eseque |

| | |
|---|---|
| Palatuntunan | Dr. Ma. Jovy P. Legaspi |
| Rehistrasyon/Akomodasyon/Pagkain | Dr. Yolanda P. Penales |
| Dekorasyon at Dokumentasyon | Dr. Nancy R. Marasigan |
| Sertipiko/Awards/Medalya | Dr. Milagros C. Baldoviso |

## ALITUNTUNIN NG PALIGSAHAN

1. Ang dibisyon ang maghahahanda ng mga salitang gagamitin sa paligsahan.
2. Babasahin ng Ispeling Master ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang babaybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang sumulat na ang mga kalahok.
3. Ang puntos at bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| MADALI | 10 aytem X 2 puntos = | 20 puntos |
| KATAMTAMAN | 10 aytem X 3 puntos = | 30 puntos |
| MAHIRAP | 10 aytem X 5 puntos= | 50 puntos |
| | KABUUAN = | 100 puntos |

4. Ang mag-aaral ay bibigyan ng pitong (7) segundo upang maisulat ang kanyang sagot.
5. Ang magkakamit ng pinakamataas na puntos ang siyang tatanghaling Pandibisyong Kampeon ng Iispel Mo!
6. Sa sandaling magkaroon ng patas na puntos, may nakalaang mga tanong na magiging klintser. Ang pag break ng tie ay isasagawa batay sa sumusunod:

   6.1. Maglalaan ng tatlong tanong na paglalabanan ng may patas na puntos. Ang mag-aaral na makakakuha ng mas mataas na puntos ang siyang makakakuha ng puwestong pinaglalabanan.

   6.2. Sa sandaling maging patas muli ang kanilang puntos; magkakaroon ng knock-out-round.

7. Ang hatol ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.
8. Ang sangguniang gagamitin sa paligsahan ay KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat at Atlas ng mga Bansa sa Mundo.